# SURVEY PARA SA MGA NAIS MAG-ARAL SA PANG-GABING JUNIOR HIGH SCHOOL SA NORTHERN REGION

Mie Board of Education

## Nais naming alamin ang inyong saloobin

**【Survey period：2024，Abril 22 hanggang Mayo 24】**

Ang Mie Board of Education ay naghahanda sa Abril 2025 sa pagbubukas ng Prefectural Mie Yotsubagasaki Junior High School sa Tsu City bilang isang pang-gabing junior high school na may iba't-ibang uri ng pag-aaral.

Ang survey na ito ay para alamin kung gaano kadami ang nais pumasok o gustong mag-aral muli sa pang-gabing junior high school at pag-isipan kung kailangan ding magtayo ng paaralan sa northern region. Sa pamamagitan ng postcard o sa internet, nais naming malaman ang opinyon ng nakararami. Hinihiling namin ang inyong kooperasyon.

> Ang **pang-gabing junior high school** ay isang **public school** katulad ng pang- araw na junior high school.

Ang target ay ang mga may edad na 15 pataas simula Abril 1,

- Mga hindi nakapag-aral sa elementarya at junior high school dahil sa iba't-ibang dahilan.
- Mga banyagang hindi nakapagtapos ng pag-aaral sa junior high school.

**Buong araw na schedule sa pang-gabing JHS**

| | | |
|---|---|---|
| １７:４５～ | Gakkatsu | （１０ minuto） |
| １７：５５～ | 1st period | （４０ minuto） |
| １８：４０～ | 2nd period | （４０ minuto） |
| １９：３０～ | 3rd period | （４０ minuto） |
| ２０：１５～ | 4th period | （４０ minuto） |
| ２０：５５～ | Uwian | |




Panoorin ang video!

Sa "Mie Yotsubagasaki JHS," maaaring pumasok at muling balikan ang mga pinag-aralan kahit pa naka-graduate na ng junior high school at para din ito sa mga batang kasalukuyang nasa JHS subalit hindi pumapasok.

- Libre ang matrikula.
- 5 beses sa isang linggo ang klase.
- Parehong subjects ang pag-aaralan, katulad sa pang-araw na junior high school.
- Maaaring pag-aralan ang mga lessons na pang-elementary at mag-aral ng Japanese/Nihongo.
- Halos 3 / 4 ang bilang ng klase sa buong taon.

← Por favor, responda através da Internet.

Elementary ＆ Junior High School Edition →

Ang mga **Paaralan na may iba't-ibang aspeto o pangkat ng pag-aaral** ay yaong mga paaralang inaprubahan ng **MINISTRI NG EDUKASYON, KULTURA, PALAKASAN, AGHAM AT TEKNOLOHIYA** na itinatag para sa mga batang hindi pumapasok sa paaralan.Ang paaralang ito ay maaaring lumikha ng kurikulum na pang-edukasyon na naaayon sa bawat mag-aaral na hindi pumapasok sa paaralan.

## Ang mga target ay ang mga mag-aaral na hindi pumapasok sa paaralan o mga mag-aaral na nakikitaan na maaaring hindi na pumasok sa paaralan

Ang paaralan na may iba't-ibang uri o aspeto ng aralin ay naiiba ng bahagya kumpara sa karaniwang paaralan, ang kaakibat nito ay ang pamamaraan sa pag-aaral, oras ng klase at iba pa.Layunin nito ay pagpapahalaga at pagtutulungan sa pag-aaral kasama ang mga kamag-aral o mga kaibigan, at nilalayon din nito ang mga pag-aaral na naaayon sa kahusayan at mga adhikain ng bawat isa.

### Paaralan na may iba't ibang uri ng pag-aaral Halimbawa (Junior High School)

**〔Espesyal na kurikulum sa edukasyon〕**

- ●Bilang pagsasaalang-alang sa kalusugan ng mga mag-aaral, magsisimula ang klase sa paaralan nang mas huli kaysa sa karaniwan, mayroong 4 hanggang 5 na klase sa isang-araw at babawasan ang kabuuang bilang ng mga oras ng klase sa isang taon mula 1,015 na oras gagawin itong humigit-kumulang 800 na oras lamang.
- ●Mayroong 40 minuto hanggang 45 minuto sa bawat oras ng klase.

**〔Nilalaman ng kurso o mga pag-aaral〕**

- ○Subject tulad ng Japanese・Math・Social studies・Science・English at iba pa.
- ○Mga creative na klase tulad ng Music・Art・Technology・Home economics
- ○Pag-aaral ng pagsasanay sa mga kasanayang panlipunan o social skills training upang pahusayin ang mga kasanayan sa komunikasyon.
- ○ Experience-based learning tulad ng mga field trip at iba pa.

**〔Bilang ng oras ng klase sa buong taon〕**

| Kurikulum sa edukasyon para sa paaralan na may iba't ibang uri ng pag-aaral | Japanese | Math | Science time (Social studies・Science) | Creative time(Music・Art・T.H.E) | Health & physical education | English | Integrated studies | Moral | Special activities | Option | Total |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | 140 | 140 | 70 | 70 | 70 | 105 | 70 | 35 | 65 | 35 | 800 |

| Normal na kurikulum sa edukasyon (Para sa mga First-year Junior high school) | Japanese | Math | Social studies | Science | Music | Art | Technology & Home economics | Health & Physical education | English | Integrated studies | Moral | Special activities | Total |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | 140 | 140 | 105 | 105 | 45 | 45 | 70 | 105 | 140 | 50 | 35 | 35 | 1015 |

【Contact Information】 Mie Prefectural Board of Education　Secretariat Elementary and Junior High School Education Division　Junior High School Night Class Establishment Preparation Team
〒514－8570 13 Kōmei-chō , Tsu City　Telephone no.:059－224－2766　e-mail address:gakokyo@pref.mie.lg.jp